ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo L Blg. 22
Nobyembre 21, 2019
www.cpp.ph




EDITORYAL

# Wakasan ang batas militar at pandarambong sa Mindanao at buong bansa

Sawang-sawa na ang mamamayan ng Mindanao na mabuhay sa ilalim ng paghahari-hariang militar at terorismo ng estado. Sa loob ng halos tatlong taon, araw-araw nilang pinagdurusahan ang mga pagpatay, pagdakip at pagkukulong, paninindak, pagmamanman at iba pang mga abusong militar. Pinagkaitan sila ng puwang na magpahayag ng kanilang hinaing o magpamalas ng kanilang protesta laban sa dinaranas nilang hirap at kaapihan. Ang sinumang magbuka ng bibig ay agad tinatatakang komunista at sinusupil.

Pakitang-tao lamang ang pahayag kamakailan ni Defense Secretary Delfin Lorenzana na maaaring hindi na palawigin sa susunod na taon ang batas militar sa Mindanao. Sinasabi lamang ito ni Lorenzana dahil batid niyang kahit wala na ang batas militar, mananatili ang mga itinatag na istruktura at sistema ng paghaharing militar, hindi lamang sa Mindanao, kundi sa buong bansa. Kung hindi babaklasin ang mga ito, alisin man ang paskil, mananatili pa rin sa esensya ang batas militar.

Upang tunay na tapusin ang paghaharing militar sa Mindanao, hinihingi ng taumbayan na isagawa ang sumusunod na demokratikong hakbang:

(a) pahintulutang makauwi ang ilampung libong naninirahan sa Marawi City sa kanilang mga bahay at lupa at bayaran ang danyos-perwisyos sa idinulot na pinsala ng

"Wakasan...," sundan sa pahina 2

## 14th IB, inambus ng BHB-Eastern Samar

ISANG YUNIT NG 14th IB ang inambus ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Eastern Samar sa Sityo Bangon, Barangay Pinanag-an, Borongan City noong Nobyembre 11, alas-5 ng hapon. Pinasabugan ng mga Pulang mandirigma ang mga sundalo.

Sa panimulang mga ulat, anim na sundalo ang napatay, kabilang ang tatlong upisyal, sa ambus ng mga Pulang mandirigma. Hindi rin bababa sa 20 ang sugatan sa kaaway dulot ng pagpapasabog ng bomba ng BHB.

Notoryus ang 14th IB sa paglabag ng mga karapatang-tao, partikular ng mga bata. Noong 2011, dalawang menor-de-edad na anak ng magsasaka ang iligal na binimbin ng mga tauhan ng 14th IB, pinagkukunan ng litrato at ipinailalim sa

"14th IB...," sundan sa pahina 3

"Wakasan...," mula sa pahina 1

malawakang pambobomba sa syudad noong 2017

(b) alisin ang lahat ng abusadong yunit militar na nakapakat sa gitna ng mga komunidad sa tabing ng "peace and development;"

(k) lusawin ang lahat ng yunit ng CAFGU at iba pang grupong paramilitar at baklasin ang mga detatsment ng mga ito sa loob at paligid ng mga baryo;

(d) itigil ang arbitraryong pagsasakdal ng AFP sa sibilyan bilang mga "rebelde" para pwersahin silang "sumurender" kahit pa wala kasong nakasampa laban sa kanila;

(e) itigil ang paghuhulog ng bomba o *aerial bombing* at istraping na nagsasapeligro sa buhay ng mga residente sa bukid at kabundukan;

(g) itigil ang "Red tagging" o pagbabansag na mga "komunistang prente" o "taga-rekrut ng NPA" sa mga organisasyon at aktibistang makamasa na idinahilan para sila'y isailalim sa pagmamanmang militar at iba pang hakbanging mapanupil.

(h) palayain ang lahat ng bilanggong pulitikal at itigil ang pagsasampa ng gawa-gawang kasong kriminal at pagtatanim ng mga ebidensya.

Lagpas sa Mindanao, ang batas militar at tiraniya ni Duterte ay nakapataw sa buong bansa sa pamamagitan ng Executive Order 70 (EO 70) at ng idineklara nitong programang "kontra-insurhensiya" para tapusin ang armadong rebolusyon sa bansa. Dagdag pa ito sa Memorandum Order 32 (MO 32) na nagpataw ng paghaharing militar sa Samar, Negros at Bicol.

Sa pamamagitan ng EO 70, ipinailalim ni Duterte ang buong Pilipinas sa kapangyarihan ng tinaguriang National Task Force (NTF) na pinamumunuan ni Duterte at pinaghaharian ng mga upisyal-militar. Mayroon itong mga panrehiyon at pamprubinsyang mga upisina na kumukubabaw sa iba't ibang ahensya ng burukrasyang sibil upang pagsilbihin ang mga ito sa layuning "kontra-insurhensiya."

Pinakikialaman at tinatakdaan ng AFP ang programa ng lahat ng ahensya ng gubyerno. Pinanghihimasukan nito maging ang mga patakaran sa ekonomya at serbisyong panlipunan na pawang walang kinalaman sa mga usaping militar. Ang mga halal na upisyal sa mga lokal na gubyerno ay walang kalayaan sa pamamalakad sa kanilang saklaw dahil sa pagmamanman ng AFP. Ang kongreso at senado ay malaking palamuti lamang. Ang hindi sumunod sa programang itinakda ng AFP at ng NTF ay iniipit sa pamamagitan ng pagbansag sa kanila na "tagasuporta" ng BHB o pagdawit sa kanila sa mga sindikato sa pagbebenta ng iligal na droga.

Pinakamabagsik ang paghaharing militar sa mga bukid at kabundukan. Tahasan ang presensya ng mga pasistang tropang militar sa mga baryo at komunidad. Ang mga upisyal ng barangay ay ginagawang tau-tauhan; ang mga tumatanggi ay ginigipit o sinusupil. Hindi iilan ang pinaslang. Sa Mindanao, ilang mga huwad na lider ang itinalaga ng AFP bilang mga "datu" para linlangin at hati-hatiin ang masang Lumad.

Sa apat na rehiyon lamang sa Mindanao, tadtad nang hindi bababa sa 549 mga detatsment ng AFP at CAFGU ang mga baryo: 217 sa Southern Mindanao (noong 2018), 139 sa North Central Mindanao (kabilang ang 105 detatsment ng CAFGU), mahigit 100 sa Northeast Mindanao (hindi pa kabilang ang mga pwersang SCAA na itinayo ng mga kumpanya sa pagmimina); at di bababa sa 93 sa apat na prubinsya sa Far South Mindanao. Nakalatag ang karamihan sa mga ito sa mga lugar na target ng mga operasyong mina at mga mapanalasang proyektong pang-imprastruktura. Sa Southern Mindanao, 64% o 137 detatsment ng CAFGU ay nakatayo sa 43 bayan at syudad na may umiiral o planong palawaking mga operasyong mina.

Ang pagpataw ng di deklara-

"Wakasan...," sundan sa pahina 3

ANG Bayan

Tomo L Blg. 22 | Nobyembre 21, 2019

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwcnewsroom

@prwc_info

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal:** Wakasan ang batas militar at pandarambong sa Mindanao at sa buong bansa 1
14th IB, inambus ng BHB-Eastern Samar 1
CSP: mukha ng "whole-of-nation" *approach* sa Masbate ng AFP 3
Maranao, tumutol sa kampo-militar 5
Barangay kapitan, pinatay ng AFP 6
Upisina ng Ibon at Altermidya, tinangkang pasukin 6
Martsa sa ika-6 taon ng Yolanda 6
Ampatuan Masaker: Isang dekada ng inhustisya 7
Husgado, pinarangalan sa Cordillera 7
Welga ng mga manggagawa, binuwag 7
Pulang kapangyarihan sa Delta serra 8
Kudeta sa Bolivia, pakana ng US 9
Gastos sa SEA Games, binatikos 9

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

"Wakasan...," mula sa pahina 2

dong batas militar sa porma ng EO 70 sa buong bansa, at laluna ang tahasang batas militar sa Mindanao, ay mahigpit na nakaugnay sa pagsusulong ng pang-ekonomikong interes ng malalaking dayuhang kumpanya, mga kasosyo nilang malalaking negosyante at panginoong maylupa.

Kailangan ang pasismo upang supilin ang lahat ng anyo ng paglaban sa pagpasok ng mapangwasak na mina, pagpapalawak ng mga plantasyon ng *palm oil*, *rubber*, pinya at iba pa, mga proyektong panturismo, pang-enerhiya at iba pang imprastrukturang may pondong dayuhan. Mula 2017, sumidhi ang panunupil at mga operasyong militar sa mga eryang target na sakupin ng mga operasyong mina sa Andap Valley, gayundin sa lugar na planong saklawin ng mga plantasyon ng *palm oil* sa kabundukan ng Pantaron sa hangganan ng Davao del Norte at Bukidnon, at sa planong palawakin na mga plantasyon at operasyong pagtotroso sa kabundukan ng Daguma. Kasama rin ang malalaking operasyong militar sa mga planong itayong mga dam kabilang ang Chico River Pump Irrigation Project sa Kalinga, ang proyektong Kaliwa Dam sa Rizal at Laguna, at ang Pulangi 5 Hydro Power Project sa Bukidnon, gayundin sa mga proyektong ekoturismo sa Masbate.

Sa ilalim ng di deklaradong batas militar, malala at sentralisado kay Duterte at sa mga upisyal ng AFP at PNP ang korapsyon sa anyo ng suhol at lagay mula sa malalaking kumpanya at mga proyektong pang-imprastruktura, sa pagbubulsa sa sweldo ng mga sundalo at paramilitar at sa pondo para sa mga operasyong militar.

Sa madaling salita, ang batas militar at pasismo ng rehimeng US-Duterte ay kakambal ng dayong pandarambong sa patrimonya ng Pilipinas, pagwasak sa kapaligiran, korapsyon, pagsasamantala sa masang anakpawis at lalong paghihirap ng sambayanang Pilipino.

Dapat patuloy na palakasin ng sambayanang Pilipino ang kanilang pakikibaka para sa demokrasya at ipagtanggol ang patrimonya ng bansa laban sa dayong pandarambong. Dapat itong kasabay sa kanilang paglaban sa pasismo at tiraniya ng rehimeng US-Duterte.

Puspusang ilantad at labanan ang mga dayuhang kumpanya, ang pandarambong sa yaman ng bansa, paghuthot ng malaking tubo at pagwasak sa kapaligiran. Magkaisa at militanteng labanan ang mga ito sa pangangamkam sa lupang ninuno ng mga minorya at lupang binubungkal ng mga magsasaka. Ilantad ang ipinagmamalaki ni Duterte na huwad na reporma sa lupa na nagsisilbi lamang sa pagpapabilis ng pagpapalit-gamit ng lupa at agawin ang mga ito sa mga magsasaka.

Tungkulin ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) na ipagtanggol ang panlipunan at pang-ekonomyang interes ng mamamayan laban sa dayong kapitalistang mandarambong. Dapat mahigpit na ipatupad ng BHB ang mga patakaran ng rebolusyonaryong kilusan para sa pagtatanggol sa kalikasan at kabuhayan ng masa at papanagutin ang mapangwasak na operasyon ng mga dayong kumpanya at lokal na malalaking kapitalista. Dapat ubos-kayang pukawin at pakilusin ang malawak na masang magsasaka para isulong ang mga pakikibaka para sa pagtatanggol ng kanilang karapatan sa lupa at ipatupad ang rebolusyonaryong programa para sa tunay na reporma sa lupa.

Palakasin ang sigaw para ibasura ang batas militar, EO 70, MO 32 at lansagin ang mga istruktura ng pasistang paghahari ni Duterte. Buuin ang pinakamalawak na pagkakaisa ng sambayanang Pilipino para isulong ang pakikibaka para sa demokrasya, labanan ang paghahari ng militar at wakasan ang tiraniya at terorismo ni Duterte. AB

---

"14th IB...," mula sa pahina 1

interogasyon. Matinding takot ang naranasan ng mga biktima na papunta noon sa kanilang bukid upang maghakot ng kopras. Ninakaw din ng mga sundalo ang kanilang mga gamit pansaka.

Noon namang 2006, isang binata at dalawang menor-de-edad ang iligal na dinakip ng mga sundalo ng batalyon at ipinrisinta bilang mga mandirigma ng BHB.

Pasimuno rin ang 14th IB sa korapsyon sa maanomalyang pagpapasurender ng mga sibilyan sa Eastern Samar. Noong Nobyembre 18, pinadalo nito ang 16 magsasaka sa isang pulong sa kapitolyo ng prubinsya sa Borongan City at idineklarang "sumurender na mga NPA." Ganito rin ang ginawa ng batalyon noong Disyembre 2018 sa 27 magsasaka mula sa Barangay Concepcion, Paranas.

Sa Panay, iniulat ng BHB na 13 ang napatay at apat ang nasugatan sa mga tropa ng 61st IB at CAFGU matapos ang magkakasunod na opensibang militar ng mga Pulang mandirigma.

Inilunsad ng BHB ang operasyong haras laban sa 61st IB noong Setyembre 20 sa Barangay Ungyod, Miag-ao, Iloilo at laban sa detatsment ng CAFGU sa Dagami, Maasin noong Setyembre 23. Gayundin, pinaputukan ang mga pwersang nagbabantay sa Century Peak Hydrodam sa Igcabugao, Igbaras noong Setyembre 25.

Sa mga opensibang ito, napatay sina Ka Denden at Ka Aden. Binigyan sila ng pinakamataas na pagpupugay ng rebolusyonaryong kilusan at mamamayan. AB

# CSP: Mukha ng "whole-of-nation" *approach* sa Masbate

Okupasyong militar sa sibilyang mga komunidad sa anyo ng Community Support Program (CSP) ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang mukha ng "whole-of nation" approach ng programang "kontra-insurhensiya" ng rehimeng US-Duterte sa Masbate.

Ang Masbate (binubuo ng mga isla ng Ticao, Burias at Masbate), prubinsya ng Bicol, ay nakapailalim sa *de facto* na batas militar matapos ipataw dito ni Rodrigo Duterte ang Memorandum Order (MO) 32. Lalupang kinonsolida ni Duterte ang paghaharing militar sa isla nang ideklara niya ang Executive Order 70 na nagtatag ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (ELCAC).

Alinsunod sa disenyo ng AFP, ang pagdedeploy ng mga yunit pangkombat para sa CSP ay bahagi ng suportang pang-operasyon ng Oplan Kapayapaan para "linisin" ang mga lugar na ipinagpapalagay nitong base o potensyal na base ng Bagong Hukbong Bayan. Ito ang tinawag na mga operasyong COPD (community organizing for peace and development) kung saan kinatuwang ng AFP ang mga lokal na gubyerno at ahensya sa programang "kontra-insurhensya." Sa EO 70, lubusan nang kinukubabawan ng AFP ang burukrasyang sibil at mga istruktura nito sa pamamagitan ng mga lokal na *task force*.

Pangunahing layunin ng CSP ang itaboy ang mga residente sa mga lugar na target pagtayuan ng mga negosyo ng lokal at dayuhang mga kapitalista. Malaking bahagi nito ay mga lupang agrikultural na sinasaka ng mahihirap na magsasaka at mga lupang ninuno ng mga pambansang minorya.

**Pekeng reporma sa lupa, proyektong kontra-mamamayan**

Noong Enero 2018, iniutos ni Duterte ang pamamahagi ng lupa sa Masbate para kontrahin diumano ang lakas at impluwensya ng BHB sa isla. Ang totoo, balak ni Duterte na tituluhan ang mga lupang dati nang binubungkal ng mga magsasaka at ipamahagi ang mga ito sa pinaborang mga indibidwal. Padadaliin ng mga titulo ang pagbebenta ng lupa sa mga debeloper ng *real estate* na balak magtayo ng mga proyektong panturismo at sonang pang-eksport, at mga kumpanya ng mina.


Kasabay ng huwad na reporma sa lupa, inilako ng rehimeng Duterte ang mga proyekto sa ilalim ng National Development Plan 2018-2022. Isa rito ang proyektong panturismo na Masbate Park na nakakontrata sa Chinese na negosyanteng si Huang Rolon. Isa rin ang proyektong Masbate International Economic Zone (MIEZ) para sa dayuhang mga kumpanya. Para ibenta ang mga ito, pinalalabas ni Duterte na makalilikha ito ng mga trabaho sa prubinsya, at makatutulong sa kabuhayan ng mamamayan.

Pero ayon kay Ma. Roja Banua, tagapagsalita ng National Democratic Front-Bicol, huwad ang pangakong "pinakamalaking proyektong ekoturismo," kung saan ang bayan ng Dimasalang at mga masang Masbateño ang makabebenepisyo.

Aniya, "inilalako ng administrasyon ang engrandeng pagpapakete sa Masbate Park at Masbate International Economic Zone upang makuha ang suporta ng mga Masbateño, at palabasing mayroong kongkretong hakbangin ang rehimen upang maresolba ang kahirapan sa prubinsya. Sa pamamagitan ng nakasisilaw at mapanlinlang na pangako ng pag-unlad, nais ng rehimen na pahupain ang suporta at pagtangkilik ng masang Masbateño sa rebolusyonaryong kilusan sa prubinsya."

Bukod sa Masbate Park at MIEZ, kabilang sa mga dambuhalang proyekto sa prubinsya ang proyektong

"CSP...," sundan sa pahina 5



"CSP...," mula sa pahina 4

ekoturismo na Masbate International Tourism Enterprise and Special Economic Zone ng Masbate Park and Land Development Corporation (MPark) sa mga bayan ng Palanas at Dimasalang at Matibay Cement Factory at Coal Power Plant sa Brgy. Casabangan, Pio V. Corpus.

Liban sa mga ito ang dati nang nag-ooperasyong mga minahan, tulad ng Masbate Gold Project sa walong barangay sa bayan ng Aroroy.

**Pamamaslang, pekeng pagpapasurender at PNG**

Para agad na matapos ang proseso, panibagong bugso ng okupasyong militar ang ipinatupad ng rehimen sa Masbate matapos ang eleksyong midterm noong Mayo. Ayon kay Ka Luz Del Mar, tagapagsalita ng BHB-Masbate (Jose Rapsing Command), pinaigting ng AFP at PNP ang mga operasyon nito sa prubinsya para ideklara ang Masbate na "conflict manageable" at "ready for development." Sa ngayon, sinaklaw na ng mga operasyon ng CSP ang 59 barangay sa siyam na bayan ng prubinsya. (*Tingnan ang infographic.*)

Nagresulta ang tuluy-tuloy na okupasyong militar sa mahigit 27 kaso ng pampulitikang pamamaslang, 12 kaso ng bigong pagpaslang, 302 kaso ng iligal na pang-aaresto at detensyon, at 14 kaso ng pagdukot. Mahigit 1,000 indibidwal ang dumanas ng pananakot at iba pang porma ng panggigipit. Nagpatupad ang mga sundalo ng walang pakundangang istraping, panghahalughog at *hamletting*. Bunga ng matinding militarisasyon, mahigit 1,000 ang napilitang magbakwit mula sa kanilang mga baryo.

Sa anim na prubinsya ng Bicol, pumapangalawa ang Masbate sa Sorsogon sa dami ng biktima ng pampulitikang pamamaslang at mga paglabag sa karapatang-tao. Ayon sa Karapatan-Masbate, matinding naaapektuhan at nabibiktima ang mga magsasaka, mangingisda, drayber, mga upisyal ng mga lokal na munisipyo at barangay. Target ng mga sundalo at pulis ang mga kasapi ng mga progresibong organisasyon katulad ng Kilusang Magbubukid ng Masbate (KMM), Masbate People's Organisation (MAPO) at mga lokal na upisina ng Karapatan at Bagong Alyansang Makabayan.

Gayundin, mayor na aspeto ng CSP sa prubinsya ang sapilitang pagpapasurender sa mga sibilyan bilang mga tagsuporta o mandirigma ng BHB. Ipinatupad ng AFP ang pagpapasurender ng mga sibilyan sa ngalan ng Enhanced Comprehensive Livelihood Integration Program (ECLIP). Ayon mismo sa datos ng AFP, mayroong 539 sibilyang "sumurender."

Upang pigilan ang lakas ng kilusang masa at pigilan ang rebolusyonaryong kilusan, sapilitang pinapirmahan sa mga residente at lokal na upisyal ang nakahanda nang mga resolusyon na nagdedeklarang "persona non grata" sa Partido Komunista ng Pilipinas at BHB, pati ang mga hayag at lehitimong organisasyong naninindigan para sa karapatan at kabuhayan ng mga Masbateño. AB

# 100,000 Maranao, tumutol sa dagdag na kampo-militar sa Marawi

NAGHAIN NG PETISYON sa Malacañang ang mga residente ng Marawi City at Lanao del Sur upang pigilan ang planong pagtatayo ng dagdag na kampong militar sa kanilang syudad. Umabot sa 100,000 katao ang pumirma sa petisyong isinumite noong Nobyembre 15. Target itayo ang kampo sa Barangay Kapantaran, isa sa 24 barangay na pinakaapektado sa pambobomba ng Armed Forces of the Philippines noong 2017.

Ang itatayong bagong kampo ay may pampulitika at panlipunang epekto, ayon sa mga nagpetisyon. Ang presensya ng sundalo sa syudad ay labag sa kanilang kultura at relihiyon at magdudulot lamang ng ligalig sa mga residente. Iginiit nila na nakasalalay sa Marawi ang pagkakakilanlan at kultura ng Maranao at kung pahihintulutan ang itatayong kampo, maaapektuhan nito ang kinabukasan ng susunod na mga henerasyon ng kanilang lahi.

Kabaligtaran ng petisyon, pinirmahan ni Rodrigo Duterte ang Memorandum Order 41, na nag-utos sa pagbubuo ng komite na "mag-aaral" sa posibilidad ng pagtatayo ng naturang kampo noon ding Nobyembre 15. Inilabas ang kautusan halos dalawang taon matapos pinasinayaan ni Duterte ang target na erya noong Enero 2018. Lampas isang taon na rin ang lumipas matapos ibigay sa Department of National Defense ang pondong P51 milyon para bilhin ang mga lupa sa Kapantaran. Sa loob ng dalawang taon, tumaas ang halaga ng lupa dito mula ₱100-₱200 kada metro kwadrado tungong ₱1000-₱2000 ngayong 2018. Hanggang sa kasalukuyan, nasa proseso pa rin ang rehimen sa pagtutukoy kung sino ang mga nagmamay-ari sa lupa.

Hindi bahagi ng binuong komite ang lokal na gubyerno ng Marawi at mga residente ng Marawi. Ayon sa Moro Consensus Group, labag ito sa proseso ng pagkuha ng pahintulot sa mga grupong katutubo sa lugar. AB

# Barangay kapitan sa Masbate, pinatay ng AFP

Isang kapitan ng barangay at anim pang sibilyan ang pinatay ng mga elemento ng 2nd IB at pulis sa Masbate noong unang linggo ng Nobyembre. Kinilala ang kapitan na si Wolfert Dalanon ng Barangay Libertad, Cawayan. Binaril siya ng mga sundalo noong Nobyembre 6 sa pinalabas ng mga sundalo na engkwentro sa pagitan nito at ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Pinalabas ng militar na kasapi si Dalanon ng BHB, kasama ang apat pang sibilyan. Kinilala naman ang dalawa pa na sina Joan Versaga at Arnel Ortillano, parehong myembro ng Masbate People's Organization, na binaril at napatay sa magkahiwalay na insidente noong Nobyembre 1 at Nobyembre 2.

Isang kapitan naman ang ginipit ng mga pulis at sundalo sa Batuan, Bohol noong Nobyembre 7. Iligal na pinasok at hinalughog ng mga pulis at sundalo ng 47th IB ang bahay ni Rolando Pataca, kapitan ng Barangay Rizal. Isang linggo bago nito, kasama si Pataca sa pagtunton at pagbawi ng ilan sa kanyang mga kababaryo na sapilitang pinagiya sa operasyong kombat ng mga sundalo.

Sa Iloilo, iligal na inaresto ng mga pulis at sundalo ang lider-magsasaka na si Herman Allesa sa Barangay Bolo, Maasin noong Nobyembre 10. Dating upisyal ng Paghugpong sang mga Mangunguma sa Panay kag Guimaras (Pamanggas) si Allesa. Sinampahan siya ng gawa-gawang kaso ng pananalakay sa istasyon ng pulis sa Maasin noong Hunyo 2017.

Sa Montalban, Rizal, isang lider-maralita ang inaresto ng mga pulis noong Nobyembre 6. Inaresto si Libeth Gelith at sinampahan ng kaso ng "pangangamkan ng karapatan sa pagmamay-ari." Isa si Gelith sa mga namumuno sa Montalban Homeless Alliance, isang organisasyon ng mga walang tirahan at naggigiit ng serbisyong pabahay mula sa estado.

Sa Davao, iniulat ng kanyang pamilya ang pagkawala ni Hanimay Suazo, dating pangkalahatang kalihim ng Karapatan-Southern Mindanao, noong Nobyembre 2. Huli siyang nakitang lulan ng isang motorsiklo pauwi sa kanyang bahay matapos bumisita sa sementeryo. Ilang buwan bago nito, iniulat ni Suazo ang patuloy na pagmamanman sa kanya at kanyang pamilya.

Sa Macalelon, Quezon, hinalihaw ng mga elemento ng 85th IB ang Barangay Malabahay noong Nobyembre 17. Pinuntahan nila ang bahay ng lider-magsasaka na si Eliseo Batarlo upang muling gipitin na sumurender bilang myembro ng BHB. Mula pa maagang bahagi ng taon, naitala ang mga kaso ng 83rd IB laban sa mga residente ng naturang barangay. Kabilang sa mga ito ang interogasyon at panggigipit, iligal na detensyon, sapilitang pagpapasurender at pambubugbog. AB

### Upisina ng Ibon Foundation at Altermidya, tinangkang pasukin

TINANGKANG PASUKIN NG mga pulis ang mga upisina ng Ibon Foundation at Altermidya sa Timog Avenue sa Quezon City at ang upisina ng Philippine Collegian, pahayagang pangkampus ng University of the Philippines-Diliman.

Noong Nobyembre 7, tumawag ang isang upisyal ng National Capital Region Police Office na magsasagawa ito ng inspeksyon sa Ibon Building kung saan nag-uupisina ang Altermidya at iba pang mga lokal at internasyunal na organisasyon. Tatlong lalaki naman ang nagpumilit na pumasok sa upisina ng Philippine Collegian noong Nobyembre 16 para rin umano mag-inspeksyon.

Ayon sa Altermidya, ang walang batayang pagpasok sa kanilang upisina ay maituturing na atake sa kalayaan sa pamamahayag.

Samantala, isang mamamahayag ang binaril at napatay noong Nobyembre 7 sa Dumaguete City, Negros Oriental. Kinilala ang biktima na si Dindo Generoso. Papunta ang biktima sa istasyon ng radyo kung saan mayroon siyang programa. Binaril siya sa loob ng kanyang kotse. AB

### Martsa sa ika-6 na taon ng Yolanda, inilunsad

NOONG NOBYEMBRE 8, nagmartsa ang mga progresibong organisasyon, sa pangunguna ng People Surge, tungong Tacloban upang gunitain ang ika-anim na taon ng pananalasa ng bagyong Yolanda sa Eastern Visayas. Kinundena ng mga grupo ang kapabayaan ng rehimeng Duterte at ang matinding korapsyon ng kanyang mga alipures sa pondong rehabilitasyon.

Kaugnay nito, naghain ng kaso ang may 400 myembro ng Coalition of Yolanda Survivors and Partners sa Office of the Ombudsman sa Tacloban noong Nobyembre 7 para ipatigil ang maanomalyang pabahay ng National Housing Authority sa Eastern Samar. AB

## Ampatuan Masaker: Isang dekada ng inhustisya

NAKIISA ANG PARTIDO Komunista ng Pilipinas sa paggunita sa ika-10 anibersaryo ng pagpaslang sa 53 katao, karamihan ay mga mamamahayag, sa tinaguriang Ampatuan masaker noong Nobyembre 17. Anang Partido, salamin ang naturang masaker ng bulok na sistema ng pulitika na pinaghaharian ng mga *warlord* at panginoong maylupa. Gumagamit ang mga ito ng mga armadong maton para makapanatili sa poder, ipagtanggol ang kanilang mga negosyo at kriminal na sindikato at supilin ang sinumang lumalaban sa kanilang paghahari.

Kaisa ang Partido sa mga pamilya ng mga biktima sa paghahangad ng katarungan. Sampung taon na ang nakalilipas pero hanggang ngayon, wala pang mapagpasyang desisyon ang mga reaksyunaryong korte laban sa akusadong mga myembro ng pamilyang Ampatuan. Sa halip, hinayaan ng magkakasunod na rehimen ang maniobra ng salaring Ampatuan para patagalin ang paglilitis at ipagkait ang hustisya.

Nananatili ang mga kundisyon na nagluwal ng Ampatuan masaker. Patuloy ang paghahari ng mga dinastiya sa pulitika at ang kanilang marahas na ribalan. Pinalala pa ito ngayon ng rehimeng Duterte sa walang pakundangan nitong pamamaslang at panggigipit sa mga kalaban nito sa pulitika, mga kritiko ng kanyang rehimen at mga myembro ng mga demokratikong organisasyon.

Partikular na inaatake ni Duterte ang midya sa bansa, laluna ang mga tumututol sa kanyang mga pasistang ambisyon. Mula 2016, mayroong 128 kaso ng pandarahas sa mga mamamahayag at 14 na sa kanila ang pinatay. Hindi ligtas kahit ang mga estudyanteng mamamahayag sa panggigipit at intimidasyon ng estado.

Ang Ampatuan masaker ang itinuturing na pinakamalalang insidente ng karahasan sa panahon ng eleksyon sa bansa. Ito rin ang solong pinakamatinding atake laban sa mga mamamahayag sa Pilipinas at sa buong mundo. AB

### Pinaslang na husgado, pinarangalan sa Cordillera

PINARANGALAN NG MGA tagapagtanggol sa karapataong-tao at mga progresibong organisasyon sa Cordillera ang husgado na si Mario Anacleto Bañez sa kanyang lamay noong Nobyembre 11. Binaril at pinatay ng di nakilalang mga lalaki si Bañez sa loob ng kanyang sasakyan sa Barangay Mameltac, San Fernando, La Union noong Nobyembre 6. Siya ay husgado ng Regional Trial Court ng San Fernando, La Union.

Naniniwala ang Center for Development Programs in the Cordillera na pinatay si Bañez dahil sa kanyang patas at makatarungang pagdedesisyon sa mga kasong inihaharap sa kanya. Noong Setyembre 4, ipinawalangsala niya si Rachel Mariano, isang manggagawang pangkalusugan na iligal na inaresto at inakusahan ng 8th IB na sangkot sa ambus ng Bagong Hukbong Bayan sa isang yunit ng militar sa Quirino, Ilocos Sur noong Oktubre 17.

Sa kaso ni Mariano, kinilala ni Bañez ang pagiging aktibista ng akusado. Aniya, hindi katibayan ang anumang pagdududa ng militar kay Bañez, gaano man ito kalaki, para hatulan siya. Apat pang indibidwal na inakusahang mga komunista ang pinawalangsala ni Bañez.

Bago nito, hiniling ng AFP sa Korte Suprema na imbestigahan ang mga husgado na nagbabasura ng mga kaso laban sa mga inaakusahang komunista ng militar. AB

### Welga ng mga manggagawa ng Regent Foods, binuwag

MARAHAS NA BINUWAG ng mga pulis at bayarang maton ng Regent Foods Corporation ang welga ng Regent Food Workers Union sa mga pabrika nito sa Pasig City at Taguig noong Nobyembre 9. Dalawampu't apat na indibidwal ang iligal na inaresto, kabilang ang dalawang myembro ng Defend Job Philippines at isang drayber ng traysikel na nagkataong dumaan sa piketlayn. Sinampahan sila ng kasong pananakit, pang-iiskandalo at iba pa. Maraming manggagawa ang nasugatan sa pambubuwag.

Ikinasa ng mga manggagawa ang welga para labanan ang panggigipit sa kanilang unyon at igiit ang regularisasyon ng mga manggagawang matagal nang nagtatrabaho sa kumpanya. Layunin din ng kanilang welga na pigilan ang kumpanya na itakas ang mga makina sa pabrika at isara ang operasyon nito.

Noong Nobyembre 15, lumaya ang 11 manggagawa matapos makipagdayalogo ang meyor ng Pasig City na si Vico Sotto sa kumpanya. Nakalaya ang iba pa noong Nobyembre 18 matapos magpyansa ng P8,500 kada isa.

**Rali laban sa OceanaGold**. NAGRALI ANG 200 residente ng Kasibu, Nueva Vizcaya at kanilang mga tagasuporta sa harap ng Malacañang sa Maynila noong Nobyembre 18. Ipinababasura ng Save Nueva Vizcaya Movement ang ibinigay na pahintulot ng Department of Environment and Natural Resources para muling makapagmina ang OceanaGold Philippines, Inc. ng ginto at tanso sa lugar.

Ayon sa mga residente ng Barangay Didipio, Kasibu, dapat kasama ang lokal na gubyerno at mamamayan sa pagdedesisyon kung pahihintulutan o hindi ang OceanaGold na magmina sa kanilang komunidad. AB

# Pagpupundar ng Pulang kapangyarihan sa Delta Serra

Kalagitnaan ng tag-araw noong 2014 nang sa unang pagkakataon ay nakarating at nagtagpo ang dalawang platun ng BHB sa pusod ng Delta Serra matapos ang ilang buwang pagsisikhay sa gawaing ekspansyon. Ang Delta Serra ay isang malawak na kabundukan na umuugnay sa apat na prubinsya sa Mindanao. Ang kalakhang bahagi nito ay hindi pa nararating ng rebolusyonaryong kilusan sa nagdaang mga dekada.


Nagsimula sa magkabilang dulo ng Delta Serra and dalawang magkahiwalay na platun. Sa loob ng mahigit tatlong buwan na paglalakbay ay narating ng mga ito ang mga komunidad ng iba't-ibang tribu ng mga Lumad, Moro at setler sa kabundukan na sa unang pagkakataon ay nakasalamuha ang Pulang hukbo. Malugod na tinanggap ng mga residente ang mga Pulang mandirigma at masiglang lumahok sa mga talakayang pulitikal at pagsisiyasat ng mga kasama. Naging daan ang unang nakasalamuha upang marating ng mga kasama ang karatig na mga komunidad at ligtas na makatawid sa iba pang mga lugar.

Sa matagumpay na lakbay-pagpapalawak ng mga Pulang mandirigma nagsimula ang pagpupunla ng Pulang kapangyarihang pampulitika sa kanlungan ng Delta Serra.

**Ang kasaysayan at kalagayan ng mamamayan ng Delta Serra**

Tampok sa kasaysayan ng masang Lumad at Moro sa Delta Serra ang kanilang isang siglong madugong pakikipaglaban sa iba't ibang mga kumpanya sa pagtotroso na umagaw at sumira sa kanilang lupang ninuno. Sa nagdaang huling apat na dekada, higit pang pagsasamantala at pang-aapi ang kanilang dinanas sa kamay ng armadong galamay ng isang malaking kumpanya nakasampa laban sa kanila sa troso, mina at komersyal na plantasyon. Pag-aari ito ng isang kilalang makapangyarihang burges kumprador-panginoong maylupa na may pribadong hukbo.

Masusing ipinaliwanag ng mga kasama sa mamamayan sa lugar na tanging sa pagkakaisa at paglulunsad ng demokratikong rebolusyon malulutas ang kanilang mga suliranin sa lupa at kahirapan. Ito ang nagkumbinse sa kanila na organisahin ang kanilang hanay. Masipag silang nakipagtalakayan at dumalo sa mga pulitikal na pag-aaral na ibinibigay ng mga Pulang mandirigma. Masigla nilang tinanggap ang rebolusyonaryong pagmumulat at pag-oorganisa. Ang mamamayan sa Delta Serra ay mistulang kagubatang puno ng tuyong mga sanga at damo na sa isang siklab ay isang malaking apoy ang sisilab.



**Sistematiko at mabilis na pag-organisa**

Sa pagbubuo ng dalawang platun sa kalagayan at pagpaplano sa erya, nagpasya ang namumunong mga komite ng Partido nito na itayo ang komite sa larangan (KLG) para mas epektibong idirihe ang gawain sa ekspansyon. Itinakda ng komiteng ito ang direksyon ng pagkilos ng hukbo at mamamayan sa loob ng isang taon para itayo ang base, Hukbo at Partido sa Delta Serra. Agad ding inilatag ang mga kampanyang masa at linya na dadalhin sa buong panahon.

Kagyat na pinag-aralan ng komite ang tereyn at itinakda ang magiging maniobrahan ng hukbo. Tuluy-tuloy nitong pinalawak at pinalalim ang pagsisiyasat para mas mahigpit na maintindihan ang kabuuan at mga partikular na kalagayan sa erya. Regular itong nagpatawag ng mga pulong-pag-aaral na dinaluhan ng paparaming bilang. Agad nitong itinayo ang mga komiteng tagapag-organisa para sa pagbubuo ng Rebolusyonaryong Organisasyon ng Lumad, Kabataang Makabayan at MAKIBAKA, gayundin ang paunang mga iskwad ng milisyang bayan. Masigla itong nagbigay ng serbisyo medikal at lumahok sa gawaing produksyon ng masa.

Parang apoy na kumalat ang pagbubuo ng mga organisasyon. Sa loob lamang ng dalawang buwan, sinaklaw ng mga komiteng tagapag-organisa ang apat na barangay at kagyat nakapagtayo ng mga organisadong grupo sa ilang mga komunidad. Agad na nakapagbigay ng

*"Delta...," sundan sa pahina 9*

# Kudeta sa Bolivia, pakana ng US

Kinundena ng progresibong mamamayan at mga lider sa buong mundo ang kudetang inudyukan ng US na nagtanggal kay Evo Morales bilang halal na presidente ng Bolivia noong Nobyembre 10. Kusang nagbitiw sa pwesto si Morales sa gitna ng mararahas na demonstrasyon na pinasimunuan ng kanyang mga kalaban sa pulitika.

Nagpasya siyang magdistyero sa Mexico matapos sinalakay ng bayarang mga maton ang kanyang bahay, gayundin ang bahay ng kanyang kapatid. Bago nito, pinagbantaan siyang papatayin, pati na ang mga myembro ng kanyang gabinete at kanilang mga pamilya.

Nagsimula ang karahasan matapos manalo si Morales sa eleksyong pampresidente noong Oktubre 20. Nahalal siya sa pang-apat na pagkakataon nang makuha niya ang 48% ng mga boto. Pero sa halip na galangin ang resulta, nanawagan ang kanyang mga kalaban sa pulitika ng malawakang mga demonstrasyon. Partikular na target ng mga tagasuporta ng oposisyon (na kalakhan ay maka-Kanan) ang mga pambansang minorya na bumubuo sa 60% ng populasyon ng bansa. Noong Nobyembre 7, sinilaban ng mga grupo ng oposisyon ang munisipyo ng Vinto. Kinaladkad ng mga ito sa kalye ang meyor ng bayan na si Patricia Arce, pinahiya sa publiko at pwersahang pinagbitiw sa pwesto. Sa parehong araw, inatake ng mga grupong ito ang 200,000-kataong demonstrasyon ng kababaihang magsasakang tagasuporta ni Morales. Hindi bababa sa 10 tagasuporta ni Morales ang napatay at 400 ang nasugatan sa mga atakeng ito. Ipinalit ng US kay Morales si Jeanine Añez, isang kandidatong nakakuha lamang ng 1.6% ng mga boto sa eleksyon.

**Papel ng US**

Malaki ang papel ng US at mga kaalyado nito sa "pagpapalit-rehimen" sa Bolivia. Hindi naiiba ang kudeta laban kay Morales sa tangkang kudeta laban kay Nicolas Maduro ng Venezuela noong unang bahagi ng taon. Partikular sa Bolivia, ginamit ng US ang National Endowment for Democracy, isang ahensyang nagpapanggap na isang

*"Bolivia...," sundan sa pahina 10*

*"Delta...," mula sa pahina 8*

mga pag-aaral sa kurikulum ng Pambansa Demokratikong Paaralan ang bagong tayong mga grupo at maiikling aralin sa ilang kontak na mga komunidad. Sa isang pulong-pag-aaral, 70 lider ng tribu mula sa pitong barangay ang dumalo at nakipagtalakayan.

Mas napabilis ang gawaing pagpapalawak dahil sa boluntaryong pagtutulungan ng mga lider, mga milisya at naorganisa nang masa. Inabot nila ang mga komunidad at mga barangay hanggang sa karatig na mga munisipalidad.

Masiglang ginampanan ng mga bagong halal na lider ng kilusang masa ang gawaing pag-organisa. Dahil dito, lalupang bumilis at lumawak ang pagtatayo ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa, mga yunit ng milisyang bayan at mga sangay ng Partido sa lokalidad. Hindi nagtagal, nabuo na ang mga komiteng rebolusyonaryo sa iba't ibang klaster ng mga baryo.

**Paglakas ng kilusang masa**

Sa unang bahagi ng 2015, isang makasaysayang kilusang masa laban sa operasyon ng pagtotroso ang inilunsad sa isang komunidad. Mahigit 300 mga residente ang nagbarikada para tutulan ang pagdemolis sa kanilang mga bahay at pagtatayo ng kalsada ng kumpanya.

Kumilos din ang mga tao laban sa agresibong pagpapalawak ng komersyal na plantasyon. Tinutulan nila ang pambubuldos sa kanilang mga sakahan. Nilabanan nila ang pagpapalawak ng plantasyon ng mga komersyal na puno.

Naging tampok din ang paglahok ng mamamayan sa Delta Serra sa mga demokratikong pagkilos sa kalunsuran. Libu-libo ang lumalahok sa malalaking mga demonstrasyon kahit pa ilang beses nang pwersahang hinarang ang kanilang mga sasakyan ng reaksyunaryong lokal na pamahalaan at mga pasista.

*Itutuloy sa susunod na isyu.*

## Maanomalyang gastos sa SEA Games, binatikos

UMANI NG KABI-KABILANG batikos ang napalaking gastos sa pagtatayo ng monumento para sa ika-30 Southeast Asia (SEA) Games na magbubukas sa Nobyembre 30.

Nagkakahalaga ng ₱50 milyon ang naturang monumento, na pakantyaw na tinaguriang "Kaldero ni Cayetano." Ipinangalan ito kay Rep. Allan Peter Cayetano, tagapangulo ng Philippine SEA Games Organizing Committee na nangangasiwa sa palaro.

Ang P50 milyon na ginamit sa pagpapatayo ng monumento ay bahagi ng ₱11 bilyong pondo na inutang ng Pilipinas mula sa isang bangko sa Malaysia para itayo ang pasilidad pang-isports sa New Clark City. Nakasaad sa kontrata nito na ginagarantiya ng estado ang ₱2.5 bilyong direktang pakinabang ng kumpanya. Mapupunta rin sa kumpanya ang 50% ng kita ng pasilidad sa susunod na 25 taon. AB

"Bolivia...," mula sa pahina 9

*non-governmental organization* o NGO, para pondohan ang pulitikal na oposisyon at sulsulan ang mga organisasyon nito para patalsikin si Morales sa poder. Binubuo ang oposisyong ito ng lokal na oligarko na kinalaban ni Morales sa kanyang 14-taong panunungkulan bilang presidente ng bansa.

Ginamit din ng US ang Organisation of American States, isang institusyong nakabase sa Washington, para baliktarin ang resulta ng eleksyon. Hindi pa man natatapos ang bilangan, idineklara ng organisasyon, kasama ng mga upisyal ng US at European Union na "dinaya" ito. Nananawagan silang ipawalambisa ang resulta kahit walang maipakitang ebidensya ng katiwalian. Iginiit nilang magkaroon ng pangalawang botohan, kahit pa maraming independyenteng tagamasid ang nagdeklarang lehitimo ang eleksyon. Para harapin ang mga akusasyon, nanawagan si Morales ng pangalawang eleksyon. Hindi ito pinansin ng US, at sa halip ay ibinasura ang kapasyahan ng mamamayang Bolivian. Nanawagan ang mga ito ng mga welga at boykot, na karamihan ay nauwi sa karahasan. Marahas namang sinupil ng mga kaalyado ng oposisyon na mga pulis at sundalo ang mapayapang mga protesta ng mga tagasuporta ni Morales.

**Independyenteng lider**

Katulad ni Maduro ng Venezuela, matagal nang pinag-iinitan ng US si Morales. Isa siya sa mga lider na matatag na naninindigan laban sa imperyalistang hegemonya ng US sa Latin America. Noong 2017, idineklara niyang "malaya na" ang Bolivia sa kontrol ng International Monetary Fund at World Bank. Marami sa pinakamalalaking kilusang masa sa loob ng bansa ay laban sa pribatisasyon ng mga batayang rekurso, tulad ng tubig, sa imperyalistang mga kumpanya.

Kilala siya sa kanyang makamamamayang mga patakaran at paglaban sa lokal na oligarkiya. Mahigpit ang kanyang kontrol sa mga rekurso ng Bolivia. Isang halimbawa nito ang pagpataw ng kanyang rehimen ng mahigit 82% na buwis sa mga kumpanya na nagmimina ng *lithium* sa bansa. Kamakailan, mas pinaboran niya ang mga kumpanyang Chinese para magbukas ng mga mina sa bansa. Nasa Bolivia ang 70% reserbang *lithium* sa buong mundo, ang mineral na ginagamit sa paggawa ng mga baterya. Gayundin, mayaman ang bansa sa *hydrocarbon*, isang *compound* kemikal na pangunahing sangkap ng petrolyo at *natural gas*.

Sa ilalim ng rehimen ni Morales, tumaas ang kalidad ng buhay sa Bolivia, laluna ng mga magsasaka at pambansang minorya. Kagyat niyang ipinatupad ang malawakang pamamahagi ng lupa sa mahihirap na magsasaka nang una siyang maupo sa poder noong 2006. Mahigit 60 mayor na komunidad ng mga pambansang minorya, na may saklaw na halos tatlong milyong ektaryang lupa, ang nabibiyayaan ng programang tinagurian niyang "rebolusyong agraryo." Pinagtuunan niya ng pansin ang paglalatag ng imprastruktura sa kanayunan, tulad ng mga daan, eskwelahan, ospital, mga pasilidad sa tubig at elektrisidad. Noong 2017, iniulat mismo ng mga institusyon sa US na bumaba ang tantos ng sagad-sagad na kahirapan sa Bolivia nang 43%. Ito ay resulta ng pagtaas ng pondong inilalaan ng estado para sa mga panlipunang serbisyo nang 45% at ng tunay na minimum na sahod nang 88%.



**Internasyunal na suporta**

Daan-daanlibong mamamayan ang kumundena sa kudetang inudyok ng US sa Bolivia at nagpahayag ng suporta kay Morales. Kinundena rin nila ang rasistang karahasan na pinalaganap ng pulitikal na oposisyon laban sa mga pambansang minorya ng bansa. Sa bahagi nito, nagpalaganap ang International League of Peoples' Struggles ng isang bukas na liham na nagdedeklara ng "Mga mamamayan ng daigdig para kay Evo" (Peoples of the world for Evo). Ayon sa organisasyon, ang kudeta laban kay Evo ay naglalayong bigwasan ang mga rebolusyonaryong minorya na lumikha ng lipunang nakapagpapasya sa sarili at mapayapa. Bilang pakikiisa kay Morales at sa mamamayan ng Bolivia, nagtipon sa harap ng *oblation* sa University of the Philippines sa Diliman, Quezon City ang mga akademiko, katutubo at progresibong organisasyon noong Nobyembre 21.

Daanlibong magsasaka naman ang nagrali bilang suporta kay Morales sa Guatemala. Nagpahayag din ng suporta ang mamamayan at independyenteng mga lider ng Venezuela, Cuba at Brazil. AB